★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 57 ★

BUMOTO ng OO sa PROPOSISYON 57

Ang mga lider ng kaligtasan ng publiko at mga biktima ng krimen ay sumusuporta sa Proposisyon 57—ang Batas ng 2016 sa Kaligtasan ng Publiko at Rehabilitasyon—dahil ang Prop. 57 ay nagpopokus ng mga tagapagdulot sa pagpapanatili ng mga mapanganib na kriminal sa likod ng mga rehas, habang pinagbabago ang mga presong kabataan at may sapat na gulang at nakapagtitipid ng sampu-sampung milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis.

Sa nakalipas na ilang dekada, ang populasyon ng bilangguan ng California ay lumaki ng 500% at ang paggasta sa bilangguan ay lumobo patungo sa higit sa $10 bilyon bawat taon. Samantala, napakakaunting bilanggo ang nababago at karamihan ay muling nagkakasala pagkalabas.

Ang pagsisikip at labag sa saligang-batas na mga kondisyon ay nagtulak sa Korte Suprema ng U.S. na utusan ang Estado na bawasan ang populasyon ng bilangguan nito. Ngayon, nang walang sentido kumon, pangmatagalang solusyon, ipagpapatuloy natin ang pag-aaksaya ng bilyun-bilyon at haharapin ang panganib ng utos-ng-hukuman na pagpapalabas ng mga mapanganib na bilanggo. Ito ay isang hindi katanggap-tanggap na resulta na inilalagay sa panganib ang California—at ito ang dahilan kung bakit kailangan natin ang Prop. 57.

Ang Prop. 57 ay diretso—narito ang ginagawa nito:

• Nagtitipid ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagbawas sa maaksayang paggasta sa mga bilangguan. • Pinananatiling nakakulong ang mga mapanganib na nagkasala. • Nagpapahintulot ng pagsasaalang-alang ng parol para sa mga taong nahatulan ng di-marahas na pagkakasala na nakakumpleto ng buong sentensiya sa bilangguan para sa kanilang pangunahing pagkakasala. • Nagpapahintulot ng isang sistema ng mga kredito na maaaring anihin dahil sa rehabilitasyon, magandang asal at mahahalagang nakamit sa edukasyon o maaaring alisin dahil sa masamang asal. • Nag-aatas sa Kalihim ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon na sertipikahan na ang mga patakarang ito ay kaayon ng pagprotekta at pagpapahusay ng kaligtasan ng publiko. • Nag-aatas sa mga hukom sa halip ng mga tagausig na magpasiya kung ang mga menor ay dapat usigin bilang mga nasa hustong gulang, binibigyang-diin ang rehabilitasyon para sa mga menor sa sistemang pangkabataan.

Alam namin kung ano ang gumagana. Ang ebidensiya ay nagpapakita na kapag mas maraming preso ang binabago, mas maliit ang panganib na sila ay muling magkasala. Ang iba pang ebidensiya ay nagpapakita na ang mga menor na namamalagi sa ilalim ng pangangasiwa ng hukumang pangkabataan ay mas maliit ang panganib na gumawa ng mga bagong krimen. Ang Prop. 57 ay nagpopokus sa batay-sa-ebidensiya na rehabilitasyon at nagpapahintulot sa isang hukom ng hukumang pangkabataan na magpasiya kung ang isang menor ay dapat o hindi dapat usigin bilang isang may sapat na gulang.

Walang awtomatikong pinalalabas, o karapat-dapat na ilabas mula sa bilangguan, sa ilalim ng Prop. 57.

• Upang gawaran ng parol, lahat ng preso, kasalukuyan at sa hinaharap, ay dapat magpakita na sila ay nagbago na at hindi na panganib sa publiko. • Ang Lupon ng mga Pagdinig sa Parol—ang karamihan ay binubuo ng mga opisyal ng pagpapatupad ng batas—ay nagpapasiya kung sino ang karapat-dapat na palabasin. • Sinumang indibidwal na inaprobahan para sa pagpapalabas ay sasailalim sa sapilitiang pangangasiwa ng mga tagapagpatupad ng batas.

At gaya ng malinaw na ipinahayag ng Korte Suprema ng California: ang pagiging karapat-dapat sa parol sa Prop. 57 ay angkop *"lamang sa mga bilanggong nahatulan sa di-marahas na mga peloni."*

Ang Prop. 57 ay matagal nang dapat pinagtibay.

Ang Prop. 57 ay ipinopokus ang ating sistema sa batay-sa-ebidensiya na rehabilitasyon para sa mga kabataan at nasa hustong gulang dahil ito ay mas mahusay para sa kaligtasan ng publiko kaysa ating kasalukuyang sistema.

Ang Prop. 57 ay nakapagtitipid ng sampu-sampung milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis.

Ang Prop. 57 ay nagpapanatili ng mga pinakamapanganib na kriminal sa likod ng mga rehas.

BUMOTO NG OO sa Prop. 57

www.Vote4Prop57.com

EDMUND G. BROWN JR., Gobernador ng California

MARK BONINI, Presidente
Punong Opisyal ng Probasyon ng California

DIONNE WILSON, biyuda ng opisyal ng pulisya na napatay sa pagganap ng tungkulin

57

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 57 ★

Ang mga awtor ng Prop. 57 ay hindi nagsasabi sa inyo ng katotohanan. ITO AY PAIIRALIN SA MARARAHAS NA KRIMINAL, magtataas ng krimen at gagawin kayong mas mababa ang kaligtasan. Bumoto ng HINDI.

KATOTOHANAN: Ang Prop. 57 ay nagpapahintulot ng MAAGANG PAROL para sa isang manggahasa na ginagamitan ng droga at ginagahasa ang isang biktima, dahil ang mga awtor nito ay tinatawag siyang di-marahas.

KATOTOHANAN: Ang Prop. 57 AY NAGSUSUSOG SA SALIGANG-BATAS NG CALIFORNIA upang ibigay ang mga bagong karapatang ito sa mga kriminal na napatunayang nagkasala ng maraming marahas at kakila-kilabot na krimen, kabilang ang:

PANGGAGAHASA ng isang walang malay na biktima; SEKSWAL NA PAGTRAPIKO NG TAO; PAG-ATAKE sa pamamagitan ng isang nakamamatay na sandata; MAHAHALAY NA KILOS laban sa isang 14-taong-gulang; PAGBIHAG PARA MAGPATUBOS; MGA KRIMEN NG PAGKAMUHI na nagdudulot ng pinsala sa katawan.

Iba pang MGA KATOTOHANAN:

• Libu-libong mapanganib na kriminal ang nailabas na nang maaga. Tayo ay nagbabayad ng presyo. Ang marahas na krimen ay tumaas ng 10% nitong nakaraang taon at ang Panggagahasa ay tumaas ng 37%. • Ang Prop. 57 ay magpapahintulot ng AGAD NA PAGPAPALABAS sa libu-libong mapanganib na kriminal. • Ang mga dating nahatulan ng PAGPATAY NG TAO, PANGGAGAHASA at PAGHAHALAY NG BATA ay magiging karapat-dapat para sa maagang parol. • *Ang pagpapalabas ng libu-libong mapanganib na kriminal ay hindi makapagtitipid ng pera.* Bilang karagdagan sa mga pagbabayad ng tao sa tumaas na krimen, ang mga county at lungsod ay mapipilitang kumuha ng mga karagdagang pulis, kinatawan ng syerip, tagapayo ng biktima at magpalawak ng mga hukuman. • Ang *Prop. 57* ay nagpapawalang-saysay sa mahahalagang tadhana ng Batas ng mga Karapatan ng mga Biktima ng Krimen, ating Batas na 3 Tama at Batas ni Marsy—malalakas na panukala na pinagtibay ng mga botante.

Ang paghina ng mga batas ng California laban sa krimen ay masyadong malayo na ang narating. Huwag susugan ang Saligang-batas ng California upang magbigay ng mas marami pang mga karapatan sa mga kriminal.

Ang mga Biktima ng Krimen, Pulis, Syerip, Hukom at Tagausig ay humihimok ng botong HINDI sa 57.

KAGALANG-GALANG NA JAMES ARDAIZ, Namamatnugot na Hukom
Hukuman ng Paghahabol ng Ika-5 Distrito (Ret.)

SANDRA HUTCHENS, Syerip
County ng Orange

COLLENE THOMPSON CAMPBELL, Tagapagtatag
Alaala ng mga Biktima Kahit Saan

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 57 ★

Ang Proposisyon 57 ay magpapahintulot sa mga kriminal na nahatulan ng PANGGAGAHASA, MAHAHALAY NA KILOS LABAN SA ISANG BATA, MGA KRIMEN NG GANG NA KAUGNAY NG BARIL at PAGTRAPIKO NG TAO upang ilabas nang maaga mula sa bilangguan.

Iyon ang dahilan kung bakit *ang Proposisyon 57 ay SINASALUNGAT ng mga Tagapagpatupad ng Batas ng California—mga Abugado ng Distrito, Syerip, Pulis, Tagausig sa Silid ng Hukuman, mga Biktima ng Krimen at lokal na lider ng komunidad.*

Narito ang mga katotohanan:

Ang mga awtor ng Proposisyon 57 ay nagsasabi na ito ay paiiralin lamang sa mga "di-marahas" na krimen, pero ang kanilang mahinang isinulat na panukala ay nagtuturing sa mga sumusunod na krimen bilang "di-marahas" at ginagawa ang nagkasala na karapat-dapat para sa MAAGANG PAROL at PAGPAPALABAS patungo sa mga lokal na komunidad:

• Panggagahasa sa pamamagitan ng paglango • Panggagahasa ng isang walang malay na tao • Pagtrapiko ng Tao na Kaugnay ang sekswal na aksiyon sa mga menor • Pamamaril ng nasa sasakyan • Pag-atake nang may nakakamatay na sandata • Pambibihag para sa pagpapatubos • Pagtatangkang magpasabog ng bomba sa isang ospital o paaralan • Karahasan sa tahanan na kaugnay ang trauma • Pagtustos ng baril sa isang miyembro ng gang • Krimen ng pagkamuhi na nagdulot ng pinsala sa katawan • Hindi pagpaparehistro bilang isang nakagawa ng sekswal na pagkakasala • Panununog • Pagpapatuok ng baril sa mga lupang sakop ng paaralan • Mahahalay na kilos laban sa isang batang 14 o 15 • Maling pagkulong sa isang nakatatanda sa pamamagitan ng karahasan. *di-buong listahan

Narito ang lima pang mga dahilan upang BUMOTO NG HINDI sa 57:

1) Ang 57 ay nagpapahintulot *sa mga burukrata ng pamahalaan ng estado na bawasan ang maraming sentensiya dahil sa "magandang asal," kahit na para sa mga presong nahatulan ng pagpatay ng tao, panggagahasa, panghahalay ng bata at pagtrapiko ng tao.* 2) Ang 57 *ay nagpapahintulot sa pinakamasamang kriminal na tratuhin nang katulad ng nakagawa ng pagkakasala sa unang pagkakataon,* hindi isinasaalang-alang ang mabibigat na sentensiyang ipinataw ng isang hukom. 3) "Ang 57 ay mabisang *nagpapawalang-saysay sa mga pangunahing tadhana ng Batas ni Marsy, '3-Tama at Tapos Ka,' Batas ng mga Karapatan ng mga Biktima, Batas ng mga Taga-California Laban sa Sekswal na Pagsasamantala*—mga panukalang pinagtibay ng mga botante na nagprotekta sa mga biktima at ginawa ang mga komunidad na *mas ligtas"—Susan Fisher, Dating Tagapangulo ng Lupon ng Parol ng Estado* 4) Ang 57 *ay pumupuwersa sa mga biktimang nagsisikap na buuing muli ang kanilang mga buhay upang muling buhayin ang mga krimeng ginawa sa kanila nang paulit-ulit,* sa bawat bagong pagdinig para sa parol. 5) Ang 57 *ay malamang na magresulta sa mas mataas na bilang ng mga krimen dahil hindi kukulangin sa 16,000 mapanganib na kriminal, kabilang ang dating nahatulan ng pagpatay at panggagahasa ay magiging karapat-dapat para sa maagang pagpapalabas.*

Panghuli, ang *Prop. 57 ay naglalagay sa lahat ng bagong pribilehiyong at karapatang ito para sa mga nahatulang kriminal sa Saligang-Batas ng California,* kung saan ang mga ito ay hindi mababago ng Lehislatura.

Huwag magkamali. Kung ang Prop. 57 pumasa, ang bawat bahay, bawat kapitbahayan, bawat paaralan ay hindi magiging ligtas na katulad ngayon.

Itanong sa sarili ang mga katanungang ito:

Ang isang kriminal na NANGGAHASA NG ISANG WALANG MALAY NA TAO ay dapat pang payagang tumanggap ng maagang pagpapalabas mula sa bilangguan? Paano halimbawa ang isang 50-taong gulang na molestiyador ng bata na nanghalay ng isang bata?

Ang mga kriminal na nahatulan ng PAGTRAPIKO NG TAO na kaugnay ng mga sekswal na kilos sa isang bata, ay dapat bang payagang bumalik sa mga kalye bago matapos ang kanilang buong sentensiya?

Ang isang kriminal na nagtangkang MAGPASABOG NG BOMBA sa isang ospital, paaralan o lugar ng pagsamba, ay dapat bang payagang lumabas ng bilangguan nang maaga?

Kung sumagot ka ng HINDI sa mga katanungang ito, sumama sa mga Abugado ng Distrito, Tagausig sa Silid ng Hukuman, Pulis, Syerip, Biktima ng Krimen, Hukom ng Hukumang Superyor at lider ng komunidad sa pagboto ng HINDI sa 57.

Ang marahas na krimen ay tumaas ng 10% nitong nakaraang taon sa California. Huwag payagan ang marami pang mararahas at mapanganib na kriminal na palabasin nang maaga. BUMOTO NG HINDI sa 57.

MARTIN HALLORAN, Presidente
Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya ng San Francisco

GEORGE HOFSTETTER, Presidente
Kapisanan ng mga Kinatawang Syerip ng Los Angeles

STEPHEN WAGSTAFFE, Presidente
Kapisanan ng mga Abugado ng Distrito ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 57 ★

OO sa Proposisyon 57

Ang mga kalaban ng Prop. 57 ay mali.

Ang Prop. 57 ay nakapagtitipid ng milyun-milyon ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagbawas sa maaksayang paggasta sa bilangguan, sinisira ang ikot ng krimen sa pamamagitan ng rehabilitasyon ng nararapat na presong kabataan at may sapat na gulang, pinananatiling nasa likod ng mga rehas ang mga mapanganib na kriminal.

Huwang hayaang iligaw ng mga maling pag-atake. Ang Prop. 57:

• Ay HINDI awtomatikong nagpapalabas ng sinuman mula sa bilangguan. • Ay HINDI nagpapahintulot ng parol para sa mararahas na nagkasala. Ang Korte Suprema ng California ay malinaw na nagpahayag na ang pagiging karapat-dapat sa parol sa ilalim ng Prop. 57 ay angkop, *"lamang sa mga bilanggong nahatulan ng di-marahas na mga peloni."* (Brown v. Superior Court, Ika-6 ng Hunyo, 2016). Ang mararahas na kriminal gaya ng nilinaw sa Kodigo Penal 667.5(c) ay hindi kasama sa parol. • Ay HINDI at hindi magbabago sa pederal na utos ng hukuman na hindi nagsasama sa mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala, gaya ng nilinaw sa Kodigo Penal 290, sa parol. • Ay HINDI nagbabawas sa mga karapatan ng mga biktima. • Ay HINDI pumipigil sa mga hukom na mag-isyu ng mabibigat na sentensiya.

Ang Prop. 57:

• AY magpopokus sa mga tagapagdulot sa pagpapanatili ng mga mapanganib na kriminal sa likod ng mga rehas. • AY makapagtitipid ng sampu-sampung milyong dolyar ng nagbabayad ng buwis. • AY tutulong na ayusin ang sirang sistema kung saan ang mga preso ay umaalis sa bilangguan nang walang rehabilitasyon, muling nagkakasala at bumabalik sa sistema. • AY ipatutupad sa pamamagitan ng mga regulasyon ng Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon na binuo nang may ambag ng publiko at biktima at sinertipikahan na nagpoprotekta sa kaligtasan ng publiko.

Alam ni Abugado ng Distrito ng San Diego Bonnie Dumanis—isang tagasuporta ng Prop. 57 —na mahalagang magkaloob sa mga preso ng mga kasangkapan upang patigilin ang paikot-ikot na pinto patungo sa bilangguan. (*Daily Journal*, Ika-14 ng Hulyo, 2016).

At ginagawa nitong ligtas ang ating mga komunidad.

Sumama sa mga opisyal ng pagpapatupad ng batas, mga biktima ng krimen at mga lider na panrelihiyon: bumoto ng OO sa Prop. 57.

EDMUND G. BROWN JR., Gobernador ng California

MARK BONINI, Presidente
Punong Opisyal ng Probasyon ng California

DIONNE WILSON, biyuda ng opisyal ng pulisya na napatay sa pagganap ng tungkulin